
# Mga Booster Seat



## Ano ang booster seat?

Ang booster seat ay isang car seat na walang mga strap. Inaangat nito ang bata para magkasiya sa lap at shoulder belt. Ginagamit ng mga bata ang booster seat kapag malaki na sila para sa car seat pero hindi pa malaki para gumamit ng seat belt. Ang seat belt na hindi husto sa inyong anak ay hindi makakaprotekta sa kanya kapag nabangga ang inyong sasakyan. Nilulutas ng mga booster seat ang problema.

Iniuutos ng batas sa estado ng Washington na gumamit ng booster seat ang mga bata hanggang sila ay 8 taong gulang, o kung sila ay umabot na sa taas na 4 na talampakan, 9 na pulgada (57 pulgada). Ang mga batang wala pang 13 taong gulang ay kailangang umupo sa likod na upuan ng sasakyan kapag maaari.

Huwag na huwag gagamitin ang booster seat na lap belt lang ang ginagamit. Kailangang gamitin ang mga booster seat na ginagamit ang lap at shoulder belt.

## Mga lap belt lamang ang nasa likod ng kotse ko. Anong magagawa ko?


Subukan ang isa sa mga opsiyong ito:

- Gamitin ang booster sa upuan sa harap na may lap at shoulder belt. Itulak ang harap na upuan nang palayo sa dashboard.
- Huwag na huwag pauupuin ang inyong anak sa upuan sa harap kung mayroong air bag ang kotse.
- Kung kailangan ninyong gamitin ang lap belt, kailangan itong gamitin ng inyong anak nang mababa at nang mahigpit sa balakang niya.
- Tawagan ang Safety Restraint Coalition sa 425-828-8975 o sa 1-800-282-5587 (1-800-BUCK-L-UP) para sa mga iba pang opsiyon.

## Anu-anong klase ang mga booster seat?

May dalawang klase ng mga booster seat.

- Ang no-back booster [walang-sandalan] ay nagagamit sa mga kotse na may mga salalayan ng ulo sa upuan sa likod o isang sandalan sa likod na umaabot nang mga mataas sa tainga ng inyong anak kapag nakaupo siya sa booster seat.
- Ang high-back booster [mataas ang sandalan] ay nagagamit sa mga kotse na may mga salalayan ng ulo o walang mga salalayan ng ulo.



Booster na walang-sandalan



Booster na mataas ang sandalan

**PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON**

- Booster Seat Coalition Web site, www.boosterseat.org
- Safety Restraint Coalition
  - (425) 828-8975
  - (800) 282-5587 (800-BUCK-L-UP)
  - www.800bucklup.org

*Maibibigay ng Children's itong impormasyon sa ibang anyo kapag hiniling. Mangyaring tawagan ang Marketing Communications sa (206) 987-5205.*

*Itong handout ay binasa muna ng clinical staff sa Children's Hospital. Gayon pa man, bukod-tangi ang mga pangangailangan ng inyong anak. Mangyaring kausapin muna ang tagapangalaga ng kalusugan ng inyong anak bago kayo kumilos o bago pagtiwalaan itong impormasyon.*

Children's Hospital & Regional Medical Center — Harborview Injury Prevention & Research Center — Washington State 1 800 BUCK-L-UP Safety Restraint Coalition — Washington Traffic Safety Commission

© 2004, 2007 Children's Hospital and Regional Medical Center, Seattle, Washington. All rights reserved.

Rev. 6/07
(NPG)
CE484
[TAGALOG]